U.S. Kagawaran ng Edukasyon
Tanggapan ng Komunikasyon at Outreach, Tanggapan ng Pagbabalita
400 Maryland Ave. SW
Washington, D.C. 20202

MALAPIT NANG ILABAS
Oktubre 26, 2010
Tawagan: Mga Usaping Pampubliko
(202) 401-1576

# PATNUBAY UKOL SA PANANAKOT AY NAGBABALANGKAS NG LOKAL AT FEDERAL NA RESPONSIBILIDAD

## Sa Simula ng Darating na Taon, Magsasagawa ang White House ng Kumperensiya ukol sa Pananakot

WASHINGTON - Ngayon ay naglabas ang Kagawaran ng Edukasyon ng patnubay upang suportahan ang mga alagad ng edukasyon sa paglaban sa pananakot sa mga paaralan sa pamamagitan ng paglilinaw kung kailan maaaring nilalabag ng mag-aaral ang mga batas ng edukasyon na federal laban sa diskriminasyon. Nililinaw rin ng inilabas na kasalukuyang patnubay na bagama't ang mga kasalukuyang batas na ipinatutupad ng kagawaran ay hindi proteksiyon laban sa pananakot sa mga taong iba ang relihiyon o piniling kasarian, kasama naman dito ang proteksyon laban sa pananakot sa mga taong kabilang sa pangkat ng relihiyong bunsod ng pagkakapare-pareho ng mga katangiang etniko, gayon din sa pananakot sa mga tao na bakla o tomboy, dalawa ang kasarian (bi-sexual), at palit-palit ang kasarian (transgender).

Ang patnubay na mababasa bilang isang liham sa "Mahal na Kasama" at ipinadala sa mga paaralan, mga kolehiyo at pamantasan, ay nagpapaliwanag ng mga legal na obligasyon ng mga alagad ng edukasyon sa proteksyon ng mga mag-aaral laban sa pananakot ng mag-aaral sa mag-aaral mula sa ibang lahi at bansa, pananakot sa ibang kasarian, at pananakot sa mga may kapansanan. Ang liham ay nagbibigay ng mga halimbawa ng pananakot at naglalarawan kung paano dapat tumugon ang paaralan sa bawat kaso.

Ang White House at ang Kagawaran ng Edukasyon ay nagpahayag din ng mga susunod na hakbang upang tugunan ang pananakot at panliligalig sa mga paaralan. Sa isang taon, ang White House ay magsasagawa agad ng kumperensiya upang palawakin ang kaalaman at bigyan ang mga kabataan, mga magulang, mga alagad ng edukasyon, mga coach at iba pang pinuno ng komunidad ng magagamit sa pagpigil sa pananakot at panliligalig. Ang kumperensiyang ito ay bubuuin ng mga pagsisikap sa pangunguna ng U.S. Kagawaran ng Edukasyon at iba pang mga ahensiyang federal na magsimula ng pag-uusap ukol sa mga paraan kung paano magtutulong-tulong ang mga komunidad upang mapigilan ang pananakot at panggugulo.

"Kailangang wakasan natin ang mito na nagsasabing normal na karanasan lamang ang pananakot, o isang hindi maiiwasang bahagi ng paglaki. Hindi ganoon," sabi ni Presidente Obama. "May obligasyon tayong tiyakin na ligtas ang ating mga paaralan para sa lahat ng ating

anak. Ang bawat kabataan ay may karapatan sa pagkakataong matuto at umunlad at abutin ang kanyang potensiyal, nang hindi mag-aalalang palaging naririyan ang banta ng pananakot."

"Ang pananakot ay problemang dapat mawala. Walang sinumang dapat makaramdam na siya'y nililigalig o hindi ligtas sa paaralan dahil lamang kakaiba ang kanyang kilos o pag-iisip o pananamit," sabi ng Kalihim ng Edukasyon, Arne Duncan. "Sa bawat mag-aaral na nakakaramdam ng pananakot o panliligalig - sa anumang dahilan - alamin lamang na hindi ka nag-iisa. Alamin mong may mga taong nagmamahal sa iyo. Alamin mong ikaw ay poprotektahan namin," pagpapatuloy ni Duncan.

"Hindi matututo ang mga mag-aaral kung nakakaranas sila ng pananakot o panliligalig," sabi ng Katulong na Kalihim para sa mga Karapatang Sibil, Russlynn Ali. "Gusto naming panatilihing ligtas at nag-aaral ang mga mag-aaral, at tutulungan kami ng kasalukuyang patnubay upang magawa iyon."

Kasunod ng paglalabas ng kasalukuyang patnubay, nagpaplano ang Kagawaran na magsagawa agad sa 2011 sa buong bansa ng mga workshop na magbibigay ng tulong na teknikal sa mga alagad ng edukasyon upang higit nilang maunawaan ang kanilang mga obligasyon at ang mga sangguniang magagamit upang makapagsagawa ng mga mabilis at epektibong hakbang na tatapos sa pananakot at panliligalig sa mga paaralan at mga kampus ng kolehiyo.

Ang gabay na inilabas ngayon ay isa lamang sa maraming pagsisikap ng Kagawaran ng Edukasyon sa malawakang pag-atake upang tapusin ang pananakot. Noong 2009, nakipagtulungan ang Kagawaran sa mga Kagawaran ng Tanggulang-bayan, Katarungan, Mga Serbisyong Pang-Kalusugan at Paglilingkod-bayan, Agrikultura, at ang Panloob upang buuin sa Administrasyon ni Obama ang Mga Ahensiyang Balikatan Laban sa Pananakot (Obama Administration's Inter-Agency Task Force on Bullying). Nitong Agosto taong kasalukuyan, pinangunahan ng administrasyon ni Obama ang kauna-unahang Pambansang Summit Ukol sa Pananakot at inilunsad ang kampanyang Itigil Na ang Pananakot (Stop Bullying Now) sa www.bullyinginfo.org, isang pambansang imbakan ng impormasyon ng mga epektibong programa laban sa pananakot.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa OCR at sa mga ipinatutupad na batas laban sa diskriminasyon, paki-bisitahin ang http://www2ed.gov/about/offices/list/ocr/aboutocr.html. Upang suriin ang sulat na "Mahal naming Kasama", pakibisitahin ang: http://www.2ed.gov/about/offices/llist/ocr/letters/collegue-201010.html.

###